

# 1

“I think this one is perfect.” Masusing pinagmasdan ni James ang empty perfume bottle na iniabot ng kaibigan. “Eye catching at eleganteng tingnan. What do you think, Benj?”

“Pareho tayo ng choice.” Hinawi nito ang ilan pang perfume bottle samples na nasa lamesa. Naiwan sa gitna ang animo’y glass statue ng likod ng isang nakahubad na babae. “Dagdagan na lang natin ’yan ng floral design and then sa likod ang product information.”

Dati silang magkaklase sa kursong BS Chemistry. Perfumery ang piniling area of concentration ni James samantalang si Benjamin ay nagtuloy sa business course.

After college, nagtrabaho si James sa ilang malalaking perfume companies sa bansa, kabilang na ang *Fragrance Laboratories Incorporated*, habang kumukuha ng graduate degrees. Lingid sa kaalaman niya, isa sa tatlong may-ari ng *FLI* ay lolo ni Benj. Ang nasabing kompanya ang nag-release ng kauna-unahan niyang perfume creation—ang *Venus’ Scent*.

“As for the bottle cap, mas bagay iyong flower bud ang shape dahil floral-based scents ang creations natin.” Itinaas niya sa ere ang napili nilang botelya para sa kauna-unahang produkto ng *Amena*—ang kompanyang itinatag nila.

Ayon na rin sa payo ng abuelo ni Benjamin, nagtayo ang magkaibigan ng sarili nilang kompanya. With Benj’s business acumen ang James’ excellence when it came to scents, *FLI* agreed to be their major manufacturer.

“Ninety percent ready na tayo para sa trial run next week,” nasisiyahang pahayag ni Benj. “Bro, ipina-*Feng Shui* mo ba ang pangalan ng special creation mo? Nagtataka lang ako kung bakit sa halip na floral o feminine name, *10.21* ang napili mong itawag sa bagong pabango.”

Napangiti siya, and laughed a bit. Karamihan nga sa mga na-formulate niyang scents ay ipinapangalan niya sa babae o sa bulaklak tulad ng *Hyacinth Cologne*, *Lilac and Jasmine*, etc.

“That’s because ten twenty-one is a date. Hindi mo napansin sa product label? Below *10.21*, nakasulat ang ‘Twenty-first of October’.”

“How could I have missed that? I bet my bottom

peso, may kinalaman na naman 'yan sa babae," pambubuska nito.

And their boyish grins developed into laughter, at ang tagpong iyon ang naabutan ni Venus, corporate lawyer, ex-girlfriend ni James, at pinsan ni Benjamin.

"Aba, mukhang relaxed na relaxed kayo, ah," sarkastikong bungad nito. "Parang walang deadline na hinahabol. Alam n'yo bang kung di dahil sa kapritso ninyong napaka-unrealistic, na-draft ko na sana ang kontrata," nakasimangot na sermon nito.

"Kapritso ni James, hindi sa 'kin."

Binalingan siya nito. "Mr. Yuzon, kung puwede pumili ka na from the list na ipinadala sa 'yo ng *Servex Manpower Agency* kung sino ang napusuan mong maging coordinator nila sa *Amena*. I need it now para ma-finalize ko na ang draft at nang sa ganoon ay matuloy na ang contract signing. Meron pa akong ibang kliyente kung di n'yo naitatanong."

"Nakapili na po ako, Attorney." Nakangising iniabot niya sa babae ang isang envelope.

"Paanong nakapili, eh, ni hindi mo man lang binuksan ang envelope?" She was handing the sealed envelope back to him.

“Basta, ’yung pangalan na may asterisk.” Hindi niya tinanggap ang iniaabot nito.

Venus quickly scanned the list of twenty males and five females. “Ewan ko sa inyo, pati sa business ay pinaiiral ang pagiging womanizer.” Natatawang napailing na lamang ito nang makita ang asterisk sa women’s group.

“You know, dear cousin, it’s simple logic. *Amena* needs feminine touch, ’yun lang iyon,” ani Benjamin.

“Whatever.” Pinaikot ni Venus ang mga mata. “Naku, James, mabuti na lang at hindi tayo nagkatuluyan. Puro ka babae. Magpakatino ka na nga.”

Kung may isang bagay siguro na ipinagpapasalamat niya, it was the fact that he and Venus had never been lovers. Sa tindi ng kalokohan niya, maipagmamalaki niya na hindi niya ito biniktima. Iyon din siguro ang dahilan kaya hanggang ngayon ay magkaibigan pa rin sila. May pamilya na ito ngayon. *Venus’ Scent* was named after her.

“Venus, kahit naging one-woman man ako, tingin ko hindi pa rin tayo magkakatuluyan,” ganting biro niya. “Ang daldal mo kasi, ang dami mo na kaagad nasabi. Daig mo pa ang lola ko.”

“Don’t change the topic. Ang gusto ko lang i-point out sa ’yo, hindi ka na pabata kaya dapat nagpaplano ka nang mag-settle down. Try to move on.”

James scratched his forehead and exchanged glances with Benjamin. Mataktikang umeskapo ang huli nang mapansin na tila maglelekturang-hukom na naman ang pinsan nito.

“Matagal na akong naka-move on sa failed relationship natin. Move on na move on na nga,” he joked. Alam niyang mahirap kaargumento ang lawyer na tulad ni Venus at kailanman ay hindi siya mananalo because he knew nothing about the art of argumentation and debate.

“In our case, oo. Pero sa kaso mo versus your *beloved ex-girlfriend*,” diin nito, “hindi pa. At base sa mga actuations mo nowadays, you are moving back instead of moving on. Am I right, Mr. Yuzon?”

---

Bago tuluyang lumabas sa locker room si Ina ay minsan pa niyang sinipat ang sarili sa malaking vanity mirror upang tiyaking kumpleto ang suot na uniporme at wala siyang anumang accessories sa katawan. Mahigpit ang kompanya sa pagpapatupad ng safety policies nito.

*All check na, Ina, you may now proceed to the production area, aniya sa sarili.*

Bitbit ang record book, vest, at *Icom* radio ay binaybay niya ang mahabang pasilyo ng production area ng *Amena*. Nasa dulo iyon ng napakalaking planta ng *FLI*.

Sa entrada ay may lifesize picture ng dalawang major owners ng *Amena*, subtle ang pag-eendorso ng bagong produkto; ang *10.21*.

Isang linggo na niyang halos araw-araw na nadaraan ang larawang iyon ni James Yuzon pero hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nagsasawang pagmasdan iyon. Walang dimples si James but there was something really irresistible about his smile. At nakangiti ito sa poster.

Tila nagpapahiwatig ng kapilyuhan ang maninipis nitong mga labi sa tuwing ngingiti ito at magsasalita. Of course, she remembered.

Because she had known those lips long ago, and had tasted his sweet kisses. Kahit naman siguro sinong babae ay palaging maaalala ang tamis ng unang halik.

Hindi niya namalayang napapangiti na siya.

“Uy, buti pa siya kumpleto na ang araw, nakangiti na nang pagkatamis-tamis!”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng boses. Si Ronald Cordova, ang assistant supervisor ng *Servex*. Kasama niya itong nagha-handle sa manning ng production crew hanggang back end employees.

“Ano ba’ng meron sa litrato ni Sir James?” anito.

“Sira ka talaga!” she laughingly replied.

They were peers, pareho silang assistant supervisors. Emergency assignment kay Ina ang maging coordinator sa *Amena* na bagong kliyente ng kanilang agency.

“Binabasa ko lang iyong safety policies,” kaila niya.

“Ha? Saan diyan nakasulat? Sa mukha ni Sir James?” patuloy na pambubuska nito. “Uyy, nagba-blush...”

“Panira ka talaga ng araw,” aniya sabay hampas ng hawak na vest dito.

Nagtatawang agad na lumayo ito, pero patuloy pa rin sa pangangantyaw. Aktong hahabulin niya ito nang sumulpot mula kung saan si James. Hindi nito nagustuhan ang inabutang eksena base sa ekspresyon

ng mukha nito. Tila anumang oras ay nakahandang magbuga ng apoy ang mga mata ng lalaki.

“The assistant supervisor and the coordinator caught in the act of horse playing,” makahulugang pahayag nito.

*I'm dead*, Ina thought.

Kahapon ay nakagawa rin siya ng violation nang mag-round siya sa warehouse nang walang suot na vest. Pero mahinahon lang siyang sinita ni James kahapon. Ngayon ay halatang galit ito.

“Cordova, in my office.” Mababa at mahina ang boses nito pero animo’y maamong tupang kaagad nagtungo si Ronald sa direksyon ng opisina. “And you...” baling nito sa kanya, “another offense at mananagot ka na sa akin. Clear?”

“Yes, Sir. I’m actually waiting for the notice regarding my first offense.” Lihim siyang dumalangin na sana ay i-reassign na lang uli siya sa dating pinapasukan. Hindi kasi siya komportableng katrabaho si James lalo na’t nagkikita sila nang ganito at aware siya sa presence nito.

They had a secret relationship... once. Lamang, hindi naging maganda ang paghihiwalay nila.



Narinig niyang tumawa ito nang pagak at nabalik siya sa kasalukuyan.

Nakatitig ito sa mga mata niya. “Sa akin ka mananagot at hindi sa policies ng kompanya. For the meantime, go on with your task and make sure na hindi ka tutularan ng mga tao mo sa pagiging pasaway.” At walang anumang tinalikuran siya nito.

She got the meaning of his look—until now ay may galit pa rin sa kanya ang dating kasintahan.

Matapos matiyak na smooth sailing ang trabaho sa loob ay nagpasya siya na isunod ng bisitahin ang mga tao nila sa back end. Tinungo niya ang exit at hinubad ang nakapatong na lab gown sa uniporme. Pinalitan niya ng vest dahil bahagi na ng warehouse ang susunod niyang iikutan. Kailangan ang vest para maging visible siya sa fork lift operators.

Nag-random sampling siya sa mga paleta para ma-double check kung nasusunod nang mabuti ang standard packaging at cases orientation ng mga finished goods.

Ganoon lilipas ang twelve-hour duty niya sa perfumery araw-araw. Walang katapusang lakad, ikot at double checking.

Sa dating pinapasukang business unit ng

*Servex*, more on office works ang gawain niya at ang karaniwan niyang attire ay slacks at stiletto o wedge. Hindi tulad ngayon na nananakit na ang mga paa niya sa kasusuot ng safety shoes. Masyadong flat iyon kaya hindi siya komportable. Hindi rin niya mailugay ang mahaba niyang buhok dahil sa mandatory na pagsusuot ng headcap.

*Sayang lang ang pagpa-rebond*, saloob niya.

Paglabas niya sa warehouse ay natanawan niya ang pinsang si Liza. Night shift ito at malamang ay pauwi na. Nauna ito sa kanya ng dalawang taon dito sa perfumery ng *FLI* at kilala rin nito si James.

Mula noon, parang naging informant niya si Liza, hindi man siya magtanong ay kusa itong nagkukuwento.

“Lalong gumuguwapo ang una mong pag-ibig, Cazin,” kuwento nito minsan.

“Umayos ka nga, Liza. Matagal na akong naka-move on at siguradong ganoon din si James. May pamilya na ’yung tao malamang.” Hindi siya nagpakita ng interes dahil baka tudyuin lang siya ng pinsan. Itinuloy niya ang pagkakabit ng kurtina sa bintana.

“Hmp. Eh, kung sabihin kong single pa rin siya?”

“Whatever,” pawalang-bahala niya, pero deep inside, parang gustong maglulukso ng puso niya sa hindi malamang kadahilanan.

“Talaga lang, ha. Invite ko nga minsan dito ang Sir James kong guwapo.”

Isang linggo bago magdiwang si Liza ng kaarawan ay hiniling nito na kung puwede ay sa bahay na lang niya sila maghanda para makatipid.

She agreed. Napakaliit na bagay noon para ipagkait sa pinsan. It was not as if guguluhin nito nang permanente ang bahay niya. Marami silang common friends kaya isasabay na rin niya ang housewarming ng na-acquire na house and lot through *Pag-IBIG*. Fully furnished, two bedrooms, may maliit na lawn, at may parking space ang property na iyon sa loob ng isang subdivision along the National Highway sa Sta. Rosa, Laguna. Si Liza ang occupant ng kabilang silid.

“Baka magbago ang isip mo, Ina, pag sinabi kong James promised to attend,” pilyang dugtong nito.

“What!” Hindi siya makapaniwala sa narinig.

Isipin pa lang na darating ang ex-boyfriend ay natutuliro na siya, gaano pa kaya kung kaharap na niya ito after eight long years?

“Grabe ka namang makapag-react. Si James lang ang darating, hindi si Prince William.” And then her cousin murmured, “Moved on daw.”

In all honesty, hindi boto si Liza kay James para kay Ina. Hindi nga lang nito maipahayag nang derechahan dahil talagang mabait si James at mahusay makisama, mula pa noong high school days nila at kahit ngayong malayo na ang narating nito. Pero gusto rin nitong tumulong. Maybe the only way Ina could really move on ay kung magkikitang muli ang dalawa. Kaya lang, para talagang unfit ang soft and fragile character ng pinsan sa liberated lifestyle ni James. At baka sa halip na makatulong ay masaktan lang ulit si Ina.

Anyway, nagbibiro lang si Liza nang sabihing nangako si James na darating.

## 2

Ten years ago...

Kanina pa pasimpleng nakikinig si Ina sa seryosong usapan ng mga concerned subject teachers, principal at guidance counselor ng paaralan. Iyon ay meeting tuloy deliberation kung sinu-sino ang passed, failed, at conditional sa mga graduating students.

Plywood lamang ang dibisyon ng kinaroroonang faculty room at principal's office kaya kahit hindi sadyain ay maririnig ang usapan sa kabilang silid.

“Kailangan nating mabigyan ng guidance as early as possible ang ating mga delinquent students. Now is the perfect time, first grading perod, para malaki pa ang chance nilang makahabol,” anang principal.

Ipinagpatuloy lang niya ang paggugupit ng mga photos na ididikit sa bulletin board ng kanilang klase. Special task niya ito na ibinigay ng kanilang adviser dahil hindi siya nakasama sa outreach program ng graduating class.

Mayamaya pa ay narinig na niyang binabasa

ang pangalan ng mga estudyanteng nanganganib na hindi maka-graduate. Parang may mabigat na bagay na dumagan sa kanyang dibdib nang marinig ang huling pangalang binanggit.

“James Yuzon?” tanong ng principal na tulad niya ay hindi rin makapaniwala. “But he’s one of the students na above average ang IQ.”

Ipinaliwanag ng kanilang adviser na kaya nagkaganoon si James ay dahil sa hindi ito nagpapasa ng mga projects, nagka-cutting classes ito at madalas mag-absent dahil sa barkada.

“Napag-aralan ko na, Sir, ang kaso ni Yuzon,” anang kanilang guidance counselor na si Mrs. Bayudan. “He was kicked out from his former school kaya inilipat siya dito sa probinsya. According to his father, James is a rebel child. Hindi niya matanggap ang paghihiwalay ng mga magulang. Kaya sa barkada nabaling ang atensyon.”

Naikuwento na ni James kay Ina ang bahaging iyon ng buhay nito. Ang totoo, hindi sumama ang binata sa ama o ina nang tuluyang maghiwalay ang mga ito. Instead, mas pinili nitong makitira sa maternal grandmother nito. Kaya lamang ay kinailangang pansamantalang mangibang-bansa ng matanda para alagaan ang may sakit na anak kaya

James was left to nobody's care.

Nang masangkot sa iba't ibang kaguluhan sa pinapasukang paaralan at ma-kick out ay wala na itong choice kundi ang pumisan sa sariling ama at madrasta na naka-settle sa bayan ng San Luis.

“I see,” sabi ng principal. “Bigyan natin siya ng ilang araw para mai-submit ang mga required projects. But until then, his grades remain conditional.”

Na-discuss din ang tungkol sa pagkakasangkot ng ilang estudyante ng San Luis National High School sa naganap na frat war kamakailan. Kasama na naman doon si James.

Kokomprontahin niya mamaya ang binata. Ang kapal ng mukha nitong magpatulong sa mga projects at research works nila pagkatapos ay hindi rin pala ipapasa! Pagbabantaan din niya itong tuluyan na niya itong iiwasan kapag ipinagpatuloy pa nito ang walang direksyong pamumuhay.

Kung tutuusin, madaling nai-adapt ni James ang sarili sa buhay ng isang public school student sa probinsya mula sa pagiging private school student sa Manila. He was friendly and easy to get along with. Tuloy, pati bad influence na estudyante ay naging kaibigan din nito.

## *Scent Of Love - Alexie Aragon*

---

Naalala niya nang unang araw na makilala niya si James. Enrollment noon at unang araw rin ng tinatawag na Brigada Eskuwela kung saan inihahanda ng mga mag-aaral ang classroom at buong campus sa nalalapit na pagbubukas ng klase...

*Toka sa mga kababaihan ang loob ng classroom at for the boys ang kapaligiran nito kasama na ang pagbunot ng mga overgrown grasses.*

*Pagod at uhaw na ang karamihan pero ni isa ay walang nagrereklamo. Bakas sa mukha ng bawat isa ang excitement at enthusiasm. Maingay ang paligid dahil sa kuwentuhan, tawanan, at harutan habang nagtatrabaho. Maganda ang atmosphere nang araw na iyon maliban kay Ina na biglang napasimangot.*

*“Bakit mo ginan’on ’yung transferee? Sinimangutan mo na, tinalikuran mo pa,” ani Liza. Magkaklase sila nito.*

*“Ang yabang kaya,” sagot niya, bakas sa tinig ang pagkayamot. “Nagsumbong ba sa ’yo?”*

*“Hindi siya nagsumbong. Nakita ko ang ginawa mo. Para nakikipagkaibigan lang ’yung tao.”*

*Naisip ni Liza na ang ugaling ng pinsan ay epekto marahil ng pagiging apple of the eye ni Ina ng mga elders sa kanilang angkan. Snobby ang dalaga kung*



minsang. Ulila na ang pinsan sa ina at may bagong pamilya na ang ama nito. Since Ina's birth, ang lolo at lola na nila ang tumayong magulang ng pinsan.

“Nakikipagkaibigan? Feeling close siya at presko! Kung nakikipagkaibigan siya, he would have asked my name first. Pero sa dinami-dami ng puwedeng itanong, considering na first conversation namin 'yon at nanggigitata na ako sa pawis, tatanungin pa kung anong perfume ang gamit ko. Buwisit.”

*Napahagikhik si Liza.*

Sumimangot si Ina. “Liza, how do I smell? Amoy langis na naman ba ako?” Ina lowered her voice.

“Paamoy nga.” Natatawang nilapitan nito ang pinsan. “Slight,” sagot nito nang maamoy ang familiar scent ng oil.

Ang coconut oil na iyon ay scented kahit paano. Lola Saria formulated it para sa apo na namamantal kung di man ay uubuhin at sisipunin sa tuwing masosobrahan sa lamig. Parang allergic reaction iyon ng body system ni Ina sa lamig.

“Si Lola kasi, summer na summer pinahiran na naman ako.”

“Huwag mo nang sisihin si Lola. Malay mo totoong

nabanguhan sa 'yo si James. Mabango naman 'yung cologne ni Baby Mimay, di ba?" Pinsan din nila ang sanggol.

"Oo. Pero pang-baby lang 'yun. Hindi perfume. Isang oras lang wala na."

Ipinagpatuloy ni Ina ang pagpupunas ng basang basahan sa black board para lumitaw muli ang natural na pagkaberde nito. Paminsan-minsan ay hinahanap ng paningin niya si James.

Tumunog na ang buzzer para sa break time pero wala pang balak mag-merienda si Ina. Isang phase na lang kasi ng board at matatapos na ang task niya. Naramdaman niyang may umupo sa tinutuntungan niyang long bench.

"Liza, mauna ka na, susunod na ako. Huling..." Natigilan siya nang si James ang malingunan niya. Kasalukuyan itong nagpapahid ng pawis sa mukha.

"Hi again, Ina," alanganing bati nito, matamis ang pagkakangiti na tila sinasadya para mapaglubag ang loob niya. "Tulongan na kita," anito at kinuha ang basahang hawak ng dalaga.

"Huwag na. Matatapos na ako." Muli niyang binawi ang pamunas. Sapagkat nakatuntong siya, bahagyang nakatingala si James sa kanya at ngayon

*Scent Of Love - Alexie Aragon*

---

lang niya napagmasdan nang malapitan ang mukha nito. Medyo mahaba na ang buhok nito para matawag na clean cut pero nananatiling malinis at maaliwalas pa ring tingnan ang mukha nito. Naaamoy na niya ang masculine scent ng binata na produkto ng naghalong men's cologne at pawisang katawan nito. Para tuloy gusto niyang panggigilan si James na parang ginagawa niya kay Baby Mimay.

*“May dumi pa ba ako sa mukha?”*

*Nahihiyang nagbawi ng tingin si Ina. Deep dark brown ang kulay ng mga mata ni James and she remembered a line from a famous love song.*

*His brown eyes tell his soul...*

*Ngayon lang niya naintindihan at na-appreciate ang mensahe ng linyang iyon.*

*“Sorry nga pala kanina.” Si James uli. “Nag-assume akong kakilala mo na rin ako tulad nila.”*

*“Okay lang,” tugon niyang hindi tumitingin dito.*

*“Hindi ko na tinanong ang pangalan mo kasi natanong ko na kanina kay Bimbo bago pa mag-umpisa ang Brigada. Tapos lagi kong napapansin ang perfume mo tuwing madadaan ka sa umpukan namin. 'Ayun, inutusan ako ni Bimbo na lapitan kita.”*

*“Hindi ako naka-perfume,” malumanay niyang tugon. Gusto yatang lumukso at kumandirit ng puso niya nang malaman na kanina pa siya napapansin ni James.*

*“Sabi nga ni Liza. Ganoon talaga ang mga chemical fragrances, nagkakaroon ng reaction sa body heat. Kaya nga pag bumibili tayo ng perfume hindi natin sa bote inaamoy kundi ini-spray muna sa balat bago amuyin. Malalaman lang ang tunay na amoy ng pabango kapag nagkaroon na ito ng contact sa katawan ng tao.”*

*Doon nagsimula ang masaya nilang conversation. Hindi nga namalayan ni Ina na nakaupo na siya at si James na ang nagpupunas ng pisara.*

*Nagulat pa siya nang biglang tutupin ng kausap ang mga mata nito nang matabig nito ang eraser na puro chalk. Ginabayan niya ang binata papuntang gripo para mahugasan ang mga mata nito.*

*“Ang kulit mo kasi, s’abing ako na ang tatapos. Napuwing ka pa tuloy. Mahapdi pa ba?”*

*“Okay lang. Naiimulat ko na itong isa,” ani James na nakasahod pa rin ang mukha sa gripo. “Pakihipan mo kaya itong kabila.”*

*“Sige.” Bagaman alangan, inilapit niya ang*

*mukha sa binata. She could almost feel his breath. She touched his face and opened his eyelids with her thumb and forefinger. James clutch on her wrist. “O, huwag mong ipikit. Ikot mo eyeballs mo para makita ko ’yung nakapuwing sa ’yo...” Labis na ipinagtataka ni Ina kung bakit parang close na close na sila ng transferee gayong halos isang oras pa lang silang magkakilala. “O, ayan, saglit, hihipan ko na.” And she did.*

*“Okay na. Salamat,” ani James nang ganap nang maimulat ang dalawang mata. He felt an inexplicable emotion because of the girl’s concern for him—considering that they had just met. He was longing for someone who would really care for him.*

*“Eh, di bitawan mo na ang kamay ko,” nakangiting sabi ni Ina. Napansin niyang namumula pa rin ang mga mata ni James “Baka may makakita sa atin, kung ano pa ang isipin. Kung may dala kang extra shirt magpalit ka muna.”*

*“Wala, eh. Hindi kasi ako masyadong familiar sa Brigada Eskuwela.”*

*“Pahihiramin na lang kita ng face towel na panlagay sa likod. Pero isosoli mo, ha?”*

---

*Wala pang sampung minuto buhat nang mag-*

umpisa ang meeting pero nararamdaman na ni Ina ang pagsigid ng lamig ng air con sa kanyang kalamnan. Pinagkiskis niya ang dalawang palad at idinampi sa mga braso.

“After the successful trial run for *10.21*, we are now heading to its first commercial production.” Pinangunahan ni Mr. Benjamin Fortaleza ang alignment meeting sa pagitan ng *Amena* at ilang concerned representatives ng *FLI*. “And we are here today to review our performance and to make adjustments if necessary.”

Balak ni Ina na lumabas saglit para kumuha ng jacket o kahit shawl man lang. Ang kaso, narinig niyang ipinapasa na ng presidente ang mikropono sa kahalig nitong si James at ayon sa program ay report na niya ang kasunod—ang manpower-related issues.

“Let us hear it straight from Mr. James Yuzon, our VP for Research and Development,” ani Mr. Fortaleza.

Then James approached the podium.

Napansin kaagad ni Ina ang relaxed and confident composure ng binata. Bago nagsalita ay ngumiti muna ito sa audience na tila toothpaste endorser which reminded her of the mischievous young James during their high school days.

“Good morning, everyone,” masayang bati nito. He was less formal than Benjamin, sa pananalita at maging sa pananamit. “Mukhang marami ang... nilalamig.” Dumako ang tingin nito sa grupo ng mga QC and QA na mostly ay kababaihan na nasa early twenties.

Sa simpleng biro na iyon ay napagaan ni James ang atmosphere ng meeting. Napangiti nito ang kapulungan and some really laughed.

Matamang pinagmasdan ni Ina ang former classmate.

Kung si Benjamin ay naka-coat and tie, si James ay naka-rolyo hanggang siko ang navy plaid shirt na tinernuhan ng black slim-fit jeans at black leather shoes. He could easily have been a model. Pero natutuwa siya at chemistry ang pinili nitong propesyon.

Involuntarily, Ina hugged herself habang nakatitig at nakikinig sa nagsasalita. Later, pasimple siyang siniko ng katabi. Si Dylan iyon sa Human Resource Department. May isinulat ito sa hawak na notepad.

*R u cold?*

Sinulatan niya ang mismong papel.

*Obvious ba? Hehe.*

She then heard him chuckle kaya nilingon niya ito at sinenyasan ng ‘silence’ sa pamamagitan ng pagpapatong ng hintuturo sa mga labi niya. After a while, akala niya ay inakbayan siya nito, pero ipinatong lang pala ng lalaki ang jacket sa kanyang likod which really gave her warmth.

“Thank you,” bulong niya sa katabi at ibinalik na ang atensyon kay James.

Dylan was a bit flirtatious kaya hindi niya masyadong pinag-uukulan ng atensyon. Harmless naman ito at hindi tipong manyakis kaya hindi niya sinosopla.

Paano kaya kung hindi niya ipinagkaila sa Lola Saria niyang nobyo niya noon si James, nagkatuluyan kaya sila? Siya na rin ang sumagot sa sariling katanungan.

*Malamang hindi pa rin. O kung nagkatuluyan man baka hiwalay na rin kami ngayon dahil naagaw na siya sa akin ng iba. A womanizer will always be a womanizer, naisip niya.*



# 3

*James was already eighteen noong fourth year high school sila. Twice na kasi itong nag-drop at lately nga ay na-kick out pa kaya napunta sa poder ng ama nito sa probinsya.*

*Para kay Ina, siguro ang dalawang taong age gap nila at ang maraming karanasan ni James sa babae ang dahilan kung kaya madali siyang nabobola ng binata. O baka dahil mahal lang talaga niya ito.*

*“Sabi mo pag hiniwalayan ko si Michelle, sasagutin mo na ako.”*

*“Si Michelle lang? Eh, paano ’yung iba mo pang babae?” puno ng paninibughong sumbat niya.*

*“Wala na. Kaya ko lang naman sila niligawan kasi ayaw mo akong sagutin. Isang buong school year na akong nanligaw sa ’yo. Basta, kailangan, before graduation girlfriend na kita. Type mo din naman ako, di ba?”*

*“Kapal mo talaga. P’ano kung hindi pa rin kita sagutin?”*

*Matagal itong nag-isip at nang sumagot ay*

*seryosong-seryoso na.*

*“Kung ayaw mo talaga sa akin, hindi na ako babalik dito sa probinsya kahit kailan. Tandaan mo iyan. Ayaw na nga sa akin ng mga magulang ko, pati ba ’yung babaeng pinakamamahal ko ayaw pa sa akin? Ano pa ang gagawin ko dito sa San Luis?”*

Iyon lang at napa-oo na siya ni James on the condition na dapat walang display of affection dahil tiyak na makakarating ito sa lola at mga tiyuhin niya. Natakot siyang baka hindi na nga magbalik si James pagluwas nito ng Manila. Doon kasi ito magkokolehiyo.

Tumupad si James sa pangakong madalas itong uuwi para dalawin siya. Malayang nakakadalaw ito sa kanila dahil hindi halatang ang dalaga ang sadya nito roon. Close ito kay Lola Saria at sa mga pinsan niya. Nagtagal iyon nang halos dalawang taon.

Semestral break noon, at uuwi si James. Nanatiling lihim ang relasyon nila dahil ayon sa batas ni Lola Saria ay hindi maaaring makipagnobyong si Ina until she was eighteen.

Ipakilala na sana niya si James sa lola niya bilang nobyo pero umugong sa buong barangay ang balitang may dumating na babae sa bahay ng mga

Yuzon at buntis ito—kay James. Gusto raw takbuhan ng binata ang pananagutan sa babaeng nabuntis.

Nasaktan siya nang husto. First boyfriend at first love niya si James. Dala ng kabiglaan sa pangyayari, itinanggi niya ang relasyon kay James nang tanungin siya ng abuela. Sa halip ay pinutol niya ang lahat ng komunikasyon sa lalaki.

Labis na ipinagtaka ng mga kabahay ni Ina ang biglaan niyang pananamlay mula nang pumutok ang balitang iyon. Kaya pilit siyang pinaaamin na baka naisuko na niya kay James ang ‘Bataan’ at isa siya sa mga babaeng napaglaruan nito. If not for her terribly aching heart at that time, she could have laughed at the exaggerated facial expressions of the elders. Then her overprotective guardians decided for her, pinagbakasyon siya sa isang kamag-anak sa Pampanga para umano siya ay malibang. And she never gave James a chance to explain himself.

---

“Having a walk down memory lane or just daydreaming?”

Ang tinig na iyon ni James ang nakapagpabalik kay Ina sa kasalukuyan. Hindi niya napansin na nagtayuan na ang karamihan for lunch break.

“No, Sir. Just thinking over some important matters,” she lied, at alanganing ngumiti. Civil makitungo ang employer at ipinagpapasalamat niya iyon.

Very professional and strict si James pagdating sa trabaho. But once outside the laboratory and production area, he could be the most amiable person.

“Really?” Sinabihan siya ng lalaki na sumunod sa opisina nito.

Habang inaayos ni Ina ang mga gamit at isina-shut down ang dala niyang laptop, napansin niya ang president ng *Amena* na kausap ang ilang aspiring perfumers. Benjamin Fortaleza was handsome and kind, pero hindi masyadong nilalapitan ng mga karaniwang empleyado. It must be James’ charm and his free but tender spirit that made him approachable.

“Miss Ina...” tawag pansin ni James. Palabas na ito sa conference room. “In my office.” Tumalikod na ito.

Talagang kumpiyansang susunod siya.

---

Kanina pa hinihintay ni James ang pagbalik ni Ina. Sumunod ito kaagad sa kanya pero nagpaalam

na isasaglit sa HR ang hiniram na jacket. Marahil ay naiilang sa presensya ni Benjamin na kanina ay nasa opsina niya. Itinaas niya ang blinds ng office window. It overlooked the warehouse area. Nasa second level ng gusali ang opisina ng executives na nagtatrabaho sa planta. Sa ikatlong palapag ang common laboratory. Naka-arrange in a pyramid style ang tatlong palapag na parang nakatunghay sa bawat sulok ng warehouse. Katulad ng bird's eye view kapag nasa second level ng isang mall at pinanonood ang mga taong nasa ground floor.

*Babalik pa kaya siya?* tanong niya sa sarili.

Pagsasabihan niya si Ina sa pagiging malapit kay Dylan. May asawa na ang lalaki at hindi dapat tino-tolerate ni Ina ang display of affection galing dito.

*Sabagay, narito pa ang laptop niya. Babalik siya.*

Nilingon niya ang laptop at envelopes na iniwan ni Ina sa center table. He smiled and shook his head when he noticed her laptop skin cover: *Disney Princesses*.

Malapit na siyang mainip sa kahihintay nang sa wakas ay nakita niya ito sa labas ng bintana. Pansamantalang nawala ang pagkabagot niya nang masilayan ang magandang pagkakangiti ng dalaga.

May kausap ito sa di- kalayuan.

Hindi aware ang dalaga na salamin lang ang pagitan nila ni James nang mga sandaling iyon.

“What sensuous lips,” nasambit ni James.

Kahit tinted ang salamin ay malinaw niyang nakikita ang nakakaakit nitong mga labi, naka-emphasize sa upper lips nito ang tinatawag na Cupid’s bow. Isa iyon sa magagandang assets ni Ina. She seldom wore red lipstick. Pinkish rose ang kulay ng mga labi nito ngayon which made her look younger than her twenty-six years.

Hindi nagustuhan ni James ang biglang pagsulpot ni Dylan sa tanawin. Parang ibig tumaas ng blood pressure niya sa nakikitang sweetness ng dalawa. Tuluyang napatid ang pagtitimpi niya nang makitang inakbayan ni Dylan ang dalaga. Kung wala lang ang nakaharang na salamin baka siya na mismo ang nag-alis ng braso, or worse, nasuntok niya ang pangahas na si Dylan.

Lumabas siya ng opisina para sitahin ang dalawang kanina pa naglalambingan sa meeting. Nasisira ang concentration niya kanina habang nagsasalita sa tuwing masusulyapan ang dalawang animo’y mga lovebirds na nagbubulungan ng sweet

nothings.

“Hanggang anong oras mo ako balak paghintayin?” walang kangiti-ngiting tanong ni James. Tila nabigla ang dalawa dahil walang nakaimik sa mga ito. “Get inside. Now,” maawtoridad niyang utos na agad sinunod ni Ina.

He was really furious nang makitang magkahawak-kamay pa ang dalawa.

Pagkapasok ay agad hinila ni James ang kamay ni Ina. Napalakas ang puwersa kaya halos masubsob ito sa kanyang dibdib.

“James, nakakasakit ka na.”

“I don’t care,” aniyang hinaklit sa baywang ang dalaga.

Nang maramdaman ang malambot nitong katawan ay lalo niya itong hinapit. Higit pa roon ang nais niyang gawin. Dama niyang may init na nanunulay sa mga palad nitong nakalapat sa dibdib niya para hindi tuluyang maglapat ang kanilang mga katawan. Isinandal niya ito sa dingding.

“James...”

“Lalo kang gumanda sa paglipas ng panahon, Ina. You’re more beautiful than I’ve ever imagined.”

“Bitiwan mo ako. Ano bang kalokohan ito?”  
Itinutulak siya nito, nagpupumiglas.

But she was no match for his strength. “Haven’t I told you na mananagot ka sa akin once I caught you violating *my* rules?” His anger had subsided but not his yearning to taste her sweet lips. He needed to satisfy his thirst.

“Anong vio—”

Siniil niya ng mapusok na halik ang malambot na labi nito.

It was a punishing, careless kiss at pakiramdam ni Ina ay madudurog ang mga labi niya. But it also felt so warm and passionate. She felt his tongue wet her lips as his arms possessively circled her waist, his palm on her nape.

Kahit malamig sa loob ng opisina ni James, parang nag-init ang katawan niya sa pagkakadikit nila. Pero bago siya tuluyang nadarang ay nagawa niyang panaigin ang tama. Itinulak niya ang binata at sinampal ito.

“Ganyan ka ba magdisiplina sa lahat ng empleyada mo?” nangingilid ang luhang sumbat niya.

Tila natauhan si James sa sariling kapusukan.



Hawak nito ang pisnging dinapuan ng palad ng dating nobya.

“I’m sorry,” he said.

Pero baka hindi na siya narinig ng dalaga dahil mabilis na itong nakalabas ng silid.

---

Sa bahay ni Lola Flor sa Alabang natulog si James. Two-storey ancestral house iyon ng pamilya niya sa side ng ina. Tatlong college students na mga apo ang kasama ng matanda sa bahay, ilang kawaksi at isang family driver. Isa sa anim na bedrooms sa second floor ay sadyang nakalaan para sa kanya mula pa noong magpasya siyang sa poder na ng abuela manirahan.

Lately, nagiging demanding, mararamdamin at sobrang malilimutin na ang matanda. Ayon na mismo rito ay na-diagnose ito na may symptoms ng memory gap.

Dahil sa sobrang busy sa trabaho ay hindi na natutupad ni James ang weekly appearance sa abuela kaya ngayon ay babawi siya. Kasama ang tatlong pinsan ay namasyal sila kagabi sa mall at nanood ng sine.

Bago siya umalis kanina ay nagbilin pa si Lola Flor.

“One day dalhin mo dito si Miss Saturn, Hijo. Gusto ko siyang makilala.” Lola niya ang nagpangalan kay Miss Saturn. Nakilala rin kasi nito si Venus na sandali niyang naging girlfriend at mula noon ay parang nag-imbento na ito ng monikers sa mga ‘babae’ umano niya. Tulong na rin daw sa paggiging makakalimutin nito.

Ang tinutukoy nito ay ang tanging babaeng nagpaiyak kay James. Lola Flor was torn between hating and liking the girl for her grandson. Somehow, thankful na rin ito sa impluwensya ng babae sa buhay ni James.

“Nagkita kami ni Miss Venus last week and we talked about her.” Close si Lola Flor kay Venus.

Dumaan siya ng flower shop at department store on his way to Sta. Rosa, Laguna. Dadalawin niya si Ina at hihingi ng tawad sa inasal niya kahapon. Aminado siyang maling-mali ang nagawa niya. Nabastos niya ang dalaga nang halikan niya ito nang basta-basta. Pero hindi niya maamin sa sarili na selos ang dahilan kaya niya nagawa ang ganoon kapusok na bagay.

He bought a dozen of yellow tulips and personally

wrote a sorry note on the card.

---

Mahigit isang oras nang gising si Ina pero wala pa rin siyang balak bumangon sa kama hanggang hindi nakakaalis si Liza. Anyway, Sunday ngayon kaya walang kaso kahit hapunin pa siya sa higaan. Mayamaya lang ay narinig na niya ang pagkatok ni Liza sa kuwarto niya.

“Ina, *ina ng awa*, buhay ka pa ba?” biro nito. “Bangon na diyan at sumama ka sa amin ni Ronald.”

Sa Tagaytay ang lakad ngayon ng magkasintahang Ronald at Liza. Hindi siya mao-OP sa company ng dalawa pero mas mag-e-enjoy ang mga ito kung wala siya.

“Go ahead. Paki-lock na lang ang pinto pag-alis mo,” aniyang may kasamang hikab.

“Later, Cazin, tatawagan ko pa ang sundo ko,” sigaw nito mula sa salas.

Kinapa niya ang cellphone na nakapatong sa bedside table. It was half past eleven at marami siyang unread messages. Ang isa ay galing kay James asking for forgiveness.

Parang ibig ulit tumulo ng luha niya nang

maalala ang nangyari kahapon. Bakit ba pagdating kay James ay nagiging emotional siya? Nagalit siya rito pero aminado siyang kung hindi lang ipinadama ng binata ang galit sa paghalik nito, she was ready to accept and respond to his kisses.

May kausap si Liza sa cellphone nang pumasok ito sa kuwarto niya at nahiga rin sa kama.

“Ewan ko ba kung tulog o nagtutulug-tulugan,” ani Liza na tinapik siya nang bahagya sa braso. “Caz, si Sir James. May sasabihin daw, importante.”

“Sunday ngayon, rest day. Off duty ang mga empleyado.” Bahagya niyang nilakasan ang boses sa layuning marinig iyon ni James, pagkatapos ay tila batang sumimangot.

“Sir, pasensya na, hindi pa yata gising ang pinsan ko. Napapanaginipan yatang siya ang may-ari ng kompanya.”

Nang mawala sa linya ang kausap ay nagpaalam na rin sa kanya si Liza. At nang marinig niya ang pag-arangkada ng motor ni Ronald ay saka lang siya bumangon at nagbanyo. Hustong nakapagpalit siya ng pink sando at denim shorts ay tumunog ang doorbell.

“Ulyanin ka na talaga. Ano na naman ang naiwan

mo?” natatawang sigaw niya sa pag-aakalang si Liza iyon. Isang matipunong bulto ng pangangatawan ang nabungaran niya, wearing a comfortable tri-color vintage polo tee, blue jeans and sneakers.

It was James.

“Hi, Ina.” He paused na tila nag-aapuhap ng sasabihin. “You’re not answering my calls kaya nagprisinta na akong ihatid ito sa ’yo.” Hawak nito ang laptop at ilang envelopes na naiwan niya kahapon sa opisina.

“Salamat,” tipid niyang tugon at kinuha ang laptop. She forgot her things sa kagustuhang agad makalayo mula rito kahapon.

“Can I come in?”

Nagdalawang-isip siya. Napansin niyang parang kinulang sa self-confidence ngayon si James. Mababakas sa mukha nito ang guilt at remorse. Naawa naman siya.

“Sure.” Niluwagan niya ang bukas ng pinto. Siya ngayon ang nag-aapuhap ng masasabi kaya naisip niyang alukin ito ng maiinom. “Drinks, Sir?”

“James na lang. Off duty ka, di ba?” tugon nitong nakangiti. “Anything’s fine. Labas lang ako saglit, may

kukunin ako sa kotse.”

Habang nasa labas ito ay nagtimpla siya ng orange juice. Instant powdered juice nga lang dahil wala silang stock ng fresh orange. Nakita niya sa ref ang tira nilang sansrival cake kagabi at isinama niya iyon sa isi-serve.

Nakabalik na si James.

Paglapag niya ng tray sa center table ay umupo siya sa single sofa opposite her visitor. Saka lang niya napansin ang maliit na velvety purple paper bag na nakapatong sa mesa at ang hawak ni James na mga bulaklak.

“Peace offering ko,” anito nang iabot ang pumpon ng tulips.

Ang radiant yellow color ng mga bulaklak ay parang mga silahis ng araw na nagtaboy sa anumang galit na nadama niya rito kahapon. For her, yellow was always gay and vibrant. Parang kulay ng kanyang tweety bird throw pillows sa ibabaw ng mocha brown sofa.

She opened the card expecting to read ‘I’m sorry’. And when she did, she wished na sana ay may kasama iyong ‘I love you’. Silly her. Kung makaarte parang ngayon lang nakatanggap ng bulaklak.

“Am I forgiven?” tanong nito.

Bahagyang ngiti at tango lamang ang tugon niya, ayaw magpahalata na nag-uumapaw sa kagalakan ang puso niya. Normal lang naman na gawin ito ng taong nagkasala pero ewan ba niya kung bakit kinikilig siya sa effort ni James. Hindi kaya nanunumbalik ang dating pagtingin na iniukol niya rito?

“Salamat sa second chance, Ina. Promise mag-be-behave na ako at hindi ko na uulitin ’yon.”

“Parang nagamit mo na ang line na ’yan noong high school tayo.”

He flashed a boyish grin. “Oo nga pala. Gan’unggan’un ang dialogue ko nang bumagsak ako sa first grading period despite your effort to help me.”

Dumaan ang katahimikan. Perhaps they were both reminiscing the past years in their lives. Noong naging magkaibigan sila hanggang sa nauwi sa pag-iibigan. Pareho silang laki sa lola kaya agad nagkapalagayan ng loob. Kahit madalas hindi nagkakapareho ang mga hilig nila sa buhay, they were both comfortable in the company of each other.

“Ina, gusto ko sanang i-renew ang friendship natin. Balik tayo sa dati, parang classmates, buddies.” May pagsusumamo sa tinig nito. “P’wede?”

“Uhm...” Kunwa’y nag-isip siya. She missed those high school days na bagaman naglalaitan at nagpapangaralan ay hindi sila nagkakasakitan ng damdamin. “Okay sa akin. Kaya lang dati ako ang boss. Ibig bang sabihin, ako na uli ang boss ngayon?”

They both laughed at her joke. They seemed the old high school friends instead of the present employer-employee sa paraan at tinatakbo ng kanilang pag-uusap.

“Gan’un ba ’yun?” James felt cheated but he smiled happily as he scratched his forehead. Naalala niyang mas sumusunod pa nga siya noon kay Ina kaysa sa madrasta at mga teachers nila.

Ina was not domineering, but there was something in the way she issued orders na hindi kayang pahindian ni James.

“Naman. At walang bawian ’yan.” Inabutan ng dalaga si James ng sliced sansrival sa platito.

Masaya silang nagkuwentuhan at nagsalo sa merienda. Patapos na silang kumain nang maalala ni James ang isa pang pasalubong kay Ina.

“Wow, *Shalimar* perfume! Thanks.” She knew that it was expensive. Siguradong manlalaki ang mga mata ni Liza mamaya pag nakita ang pabango. “Alam



mo ba ang ibig sabihin ng *Shalimar*?”

“Not really. Pero I can recognize the notes na ginamit as ingredients ng perfume. May citrus bergamot, vanilla...”

“Chemist ka nga, masyadong technical ang sagot mo,” putol niya. “Alam ko kung saan nakuha ang pangalang *Shalimar*,” may pagmamalaking ani Ina. Nabasa niya iyon sa *Google* at hindi na nakalimutan buhat noon. Although alam din niyang wala nang kaugnayan ang nasabing pabango sa dakilang mangingibig na emperador. “Wanna know?” hamon niya.

“Sige nga, parinig.”

“*Shalimar*, which means abode of love, was the garden where Emperor Shah Jahan had strolled with his beloved wife, Mumtaz Mahal.”

“Hmm, hindi ko nga alam ’yan.” He was amused. “Ang tanong, nagustuhan mo ba ang regalo ko?”

“Iyong totoo? Medyo lang,” she said without reservation, tulad noon. “May mas gusto akong perfume kaysa sa dala mo.”

“Name it.”

“Hindi pa out sa market, eh. But I’ve fallen in

love with the perfume kasi araw-araw kong naaamoy. Kuha mo na?” Hawak pa rin niya ang botelya ng pasalubong nitong pabango at binuksan niya iyon para ilagay sa pupulsuhan.

She sprayed a tiny amount on her wrist pulse point, ikiniskis iyon sa kabila, at saka inamoy ang bango niyon na bagay na bagay sa mga kababaihang umiibig.

“10.21?” James said, laughing. Masaya itong malaman na mas gusto iyon ni Ina. “Walang problema. Yung first bottle natin bukas para sa commercial para sa ’yo.”

---

Tinupad ni James ang pangako kay Ina na mag-be-behave na at hindi na uulitin ang rudeness na nagawa nito sa kanya. Kahit nga sa oras ng trabaho ay lagi na itong nakangiti sa kanya at nakikipagbiruan, di tulad ng dati na napakapormal nito at malamig makitungo.

Tuwang-tuwa siya nang iabot nito ang nakakahon pang pabango. She examined the product code at napatunayan niyang iyon nga ang first bottle.

“Ang bango talaga.” Tinanggal niya ang flower-bud cap at sinamyo ang mabining amoy niyon. The

scent reminded her of something, hindi lang niya matukoy kung ano o saan. Basta tila may nais iyon ipaalala sa kanya.

Nasisiyahang pinagmasdan siya ni James. Ipinatawag siya ng lalaki sa opisina nito para lang ibigay ang hiling niyang pabango.

“Kumusta na nga pala si Baby Mimay?” tanong nito, tinutukoy ay ang sanggol na pinsan nila ni Liza.

“Naaalala mo pa si Mimay?” She was puzzled.

“Oo naman. Sa kanya ka nanghihingi ng cologne noon, di ba?”

Napangiti siya. “Ayun, she’s not a baby anymore. Grade four na, kaya minsan nag-aamoy araw na rin.”

“Ano’ng balita kina Miss Gonadan, Miss Abad at Miss Bitong?” Mga old maid high school teachers nila ang binanggit nito.

Si Miss Gonadan ang teacher na nagpa-special project kay James ng album ng different kinds of hand stitches. Pero sa kanya ito nagpagawa dahil kahit pinaka-basic stitch ay hindi magawang presentable ng binata.

“Naging misis din sila puwera kay Miss Bitong na penitasyon ng kapatid niyang nasa Canada. Si

Michelle at Emilyynne, hindi mo itatanong?” she said with a playful smile.

“Huwag na lang baka magselos ka na naman,” he replied and saw her nose crinkled.

Nakibalita rin ito sa ilang relatives nila ni Liza na naging malapit dito noon.

“Hindi ko pa nakikita ang laboratory nitong planta,” aniya.

“Dala mo ba ang lab gown at head cap mo?” tanong nito. “Tara, I’ll tour you around. Ikaw ang boss, remember?”

She giggled. “Joke lang ’yon, kumagat ka naman.”

Mayamaya pa ay nasa ikatlong palapag na sila. Napansin niyang dim ang ilaw at medyo mahina ang air con ng pinasukan nilang silid. Part pa rin iyon ng laboratory. She then asked James kung bakit.

“It’s because light and exposure to air degrade many essential oils. And this area is an ideal storage for those bottled fragrances.”

Inilibot niya ang paningin sa mga botelyang iba’t iba ang hugis. Iba-iba rin ang kulay ng mga likidong laman ng mga iyon. Bawat isa ay may label, perfume notes. Sa bawat grupo ay naka-indicate din kung

natural scent o aldehydic fragrance.

Napatigil si Ina sa paghakbang nang pigilan siya ni James. Hawak nito ang pupulsuhan niya. Sana ay hindi nito napansin na bumilis ang tibok ng pulso niya.

“Hand sanitizer please,” paalala nito.

“Sorry, I forgot. Na-excite akong i-explore ang world of fragrances.”

Humakbang siya pabalik sa nakasabit na hand gel. Gusto niyang bawiin ang kamay na hawak ng binata sapagkat tila tinutulayan iyon ng mumunting boltahe ng kuryente. Mainit sa pakiramdam niya ang kaliwang palad ni James na siyang may hawak sa kanang palad niya.

“James, anong kapilyuhan na naman ’yan?” aniyang may kalakip na pagsaway.

“Lalagyan ko lang ng sanitizing gel,” paliwanag nito. “Give me your other hand.”

Saka lang niya naramdaman ang malamig na likido sa mga palad niya. Para rin iyong alcohol na agad nag-e-evaporate kapag ini-apply sa balat. He gently lathered the cold gel in her soft hands, in between her fingers and onto her palms. She felt the

*Scent Of Love - Alexie Aragon*

---

sensual movement of his hands. Tuyo na ang kamay niya sa gel pero nanatili iyong nakakulong sa mga palad nito. Then slowly he raised her hands and softly kissed the back of her palms. Nabigla siya sa gesture nito at agad hinila ang mga kamay.

“Akala ko ba, behaved ka na?” she reprimanded.

“Na-carried away lang po. But I’m not going to say sorry for kissing your hand,” pilyong tugon nito, giving her a wicked grin.